




# Pagbabago ng Klima sa Clark County

Ang Katimugang Nevada ay isang dynamic at makulay na komunidad na mabilis na lumalaki, at inaasahang madaragdagan pa ng 820,000 residente pagsapit ng 2060. Kasabay nito, humaharap tayo sa mga pambihirang hamon dahil sa pagbabago ng klima, tulad ng matinding init at tagtuyot. Ang All-In Clark County ay aming diskarte sa pagtiyak ng isang kinabukasang malusog, matitirahan, masagana, at resilyente sa klima para sa lahat sa ating rehiyon.

## Ano'ng Nagdudulot ng Pagbabago ng Klima sa Clark County?

Ang mga greenhouse gas na pinapakawala natin sa pamamagitan ng pagsusunog ng mga fossil fuel (tulad ng natural gas, coal at gasolina) para magpaandar sa ating mga tahanan, negosyo, at sasakyan aylumilikha ng makapal na "kumot" sa atmosphere, na nagkukulong ng init at humahantong sa mga pagkagambala sa klima ng Daigdig. Ang resulta ay matitinding temperatura at tagtuyot, na nararanasan na natin sa Katimugang Nevada.

Ipinapakita ng graph sa ibaba kung saan nagmumula ang mga emisyon ng greenhouse gas sa Clark County at kung saan namin kakailanganin ang inyong tulong para gumawa ng tinatarget na aksyon.



50%



MGA GUSALI AT ENERHIYA

36%



TRANSPORTASYON\*

12%



SOLIDONG BASURA

2%




TUBIG AT WASTEWATER

\*Kasama ang lahat ng transportasyon pati na ang pangkonstruksyon at iba pang kagamitan

# Paghahanda para sa mga Epekto ng Klima

Dito sa Clark County, nagsimula na nating maramdaman ang mga epekto ng nagbabagong klima. Ang tumataas na mga emisyon ng greenhouse gas ay lumilikha ng dalawang pagbabago sa mga kondisyon ng klima sa Clark County: mas matataas na temperatura at mas matinding pag-ulan. Ang mga pagbabagong ito ay humahantong sa mga panganib sa klima tulad ng matinding init, tagtuyot, pagbaha, at mga wildfire. Nakaranas din ang County ng matitinding kaganapan sa hangin sa mga nagdaang taon, ngunit pausbong pa lang ang siyensya sa kung paano nakakaapekto ang klima sa matinding hangin. Ang mga panganib na ito ay may mga direktang epekto sa lokal na ekonomiya, imprastraktura, at sa kalusugan at kapakanan ng mga komunidad ng Clark County.



Ang mga epekto ng klima na ito ay nagbabanta naman sa mga kultura at tradisyon, natural na mundo, ekonomiya, at paraaan ng pamumuhay ng ating mga komunidad. **Kaya naman gumagawa ang Clark County ng matapang na aksyon ngayon.**

## Mga Panganib sa Klima sa Clark County

### MATINDING INIT

**30** ARAW KADA TAON

higit sa 106°F ang inaasahan sa kalagitnaan ng siglo

**#1**

pinakamabilis na umiinit na lungsod sa bansa ay ang Las Vegas



### PAGBAHA



pagtaas sa matitinding kaganapan ng pag-ulan at biglaang pagbaha sa kalagitnaan ng siglo

**200%** ↑

pagtaas sa pagragasa ng biglaang pagbaha na inaasahan sa Las Vegas metro area pagsapit ng kalagitnaan ng siglo

### TAGTUYOT

**100%**

ng Clark County ang nasa matitinding kondisyon ng tagtuyot, simula sa tag-araw 2021



Ang Lake Mead ay nasa 36% kapasidad, ang pinakamababa sa kasaysayan



### MGA WILDFIRE



pagtaas sa mga kaganapan ng usok at mga araw na hindi maganda ang kalidad ng hangin dahil sa mga panrehiyong wildfire

**9.5** MILYONG

hektarya ang nasunog sa Nevada mula 2000-2019, na higit doble ng mga hektaryang nasunog mula 1980-1999

**Nagtutulungan tayong lahat para matugunan ang mga panganib na ito at malutas ang krisis sa klima.**

Ano ang gagawin ninyo para tulungan ang Clark County na **mag-ALL-IN?**



**MAKISALI**  
SA AMIN  
ONLINE



**MAKIPAG-USAP**  
SA MGA  
KAPAMILYA  
AT KAIBIGAN



**IBAHAGI**  
ANG INYONG  
MGA AKSYON

Samahan kami sa [plan.allinclarkcounty.com](http://plan.allinclarkcounty.com)